Ang Banal na Espiritu ng Dios

Ikaw Ba ay Mayroong Banal na Espiritu?

Maraming tao ang nagtatanong kung may Banal na Espiritung gumagabay sa kanila. Sa katunayan, maging yaong mga tunay na kristiyano na ay nagdududa pa rin kung sumasakanila nga ang Banal na Espiritu ng Dios. Malalaman ba natin ang katibayan na ang Banal na Espiritu ay nasa buhay ng isang kristiyano? Masasabi ba natin ng may kasiguraduhan kung mayroon tayo nito? Ito ay mga nararapat at mahahalagang katanungan na dapat masiguro ng bawat kristiano kung sumasakanila nga ang Banal na Espiritu o hindi.

Dapat nating malaman na may mga tanda o senyales na mapapansin kung ang Banal na Espiritu ay sumasa isang tao, at malalaman din ng isang tao sa kanyang sarili kung ito nga ay nasa sa kanya. Papaano?

Bago ang lahat, mahalagang malaman muna kung ano ang Banal na Espiritu? Sinabi ni Jesus na ito ay ipinagkakaloob ng Dios sa mga tapat Niyang lingkod. Ang pangakong ito ay binanggit ni Jesus sa mga alagad noong huling hapunan sa ganitong pamamaraan.

Juan 14:15-21, *"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos. At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mang-aaliw, upang siyang sumainyo magpakailan man, ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasainyo. Hindi ko kayo iiwang mag-isa: ako'y paririto sa inyo. Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; nguni't inyong makikita ako: sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo. Sa araw na yao'y makikilala ninyong ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo. Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya."*

Malinaw ang ipinangako ni Jesus bago Siya lumisan na magpapadala Siya ng Tagapayo, Mang-aaliw na tatahan sa kanila—ang Banal na Espiritu. Sa kadahilanan na ang salitang *'Spirit' o Espiritu* ay ipinahayag sa kasariang panlalaki sa wikang ingles na biblia, marami ang namamali at kadalasa'y tahasang naniniwala na ang Banal na Espiritu ay iba pang dakilang indibidwal. Subalit, ang orihinal na salitang Hebreo ng 'Spirit' ay nasa anyong pambabae ***'Ruach'*** at sa walang kasariang anyo bilang ***'Pneuma'*** sa Griego. Ito ay nagkaroon lamang ng kasarian panlalaki ng ito'y isinalin sa salitang Latin bilang *'Spiritus'* na kalauna'y naisalin naman sa wikang ingles na 'Spirit' na nasa gayon ng kasarian.

Mahalagang matandaan natin na ang ***'Ruach'*** sa Hebreo at ***'Pneuma'*** sa Griego ay kapwa literal na nangangahulugan na 'hangin o hininga.' Kaya ang espiritu ng Dios na tinatawag na Banal na Espiritu ay *'ang hininga ng Dios.'* Sa Lucas 1:35 ay ganito ang sinasabi;

Lucas 1:35 *At sumagot ang anghel, at sinabi sa kaniya, Bababa sa iyo ang Banal na Espiritu, at lililiman ka ng* ***kapangyarihan ng Kataastaasan****: kaya naman ang banal na bagay na ipanganganak ay tatawaging Anak ng Dios.*

Malinaw na ang Banal na Espiritu ay ang Kapangyarihan ng Dios ayon sa nasabing sitas at hindi isang banal na persona tulad ng inaakala at pinanghahawakan ng marami.

Ang Pagkakaloob ng Banal na Espiritu

Matapos ng Kanyang muling pagkabuhay, nagturo si Jesus sa mga alagad sa loob ng 40 araw. Binilinan Niya ang mga ito na manatili sa Jerusalem at antayin ang pagdating ng ipinangakong 'Espiritu Santo'.

Mga Gawa 1:2-9 *Hanggang sa araw na tanggapin siya sa kaitaasan, pagkatapos na makapagbigay siya ng mga utos sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa mga apostol na kaniyang hinirang; Na sa kanila nama'y napakita rin siyang buhay, sa pamamagitan ng maraming mga katunayan, pagkatapos na siya'y makapaghirap, na napakikita sa kanila sa loob ng apat na pung araw, at nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios: At, palibhasa'y nakikipagpulong sa kanila, ay ipinagutos niya sa kanila na huwag silang magsialis sa Jerusalem, kundi hintayin ang pangako ng Ama, na sinabi niyang narinig ninyo sa akin: Sapagka't tunay na si Juan ay nagbautismo ng tubig; datapuwa't kayo'y babautismuhan sa Espiritu Santo na di na malalaunan pa. Tinanong nga siya nila nang sila'y nagkakatipon, na nagsasabi, Panginoon, isasauli mo baga ang kaharian sa Israel sa panahong ito? At sinabi niya sa kanila, Hindi ukol sa inyo ang pagkaalam ng mga panahon o ng mga bahagi ng panahon, na itinakda ng Ama sa kaniyang sariling kapamahalaan. Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. At pagkasabi niya ng mga bagay na ito,*

nang siya'y tinitingnan nila, ay dinala siya sa itaas; at siya'y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin.

Sampung araw matapos ng Kanyang pag-akyat sa langit, ang Banal na Espiritu ay dumapo sa bawat isa sa mga alagad. Ito ay nangyari sa Araw ng Pentecost. Puspos ng Banal na Espiritu, sila'y nagsalita sa ibat ibang wika ng may kapangyarihan na ihayag si Cristo at ang muli Niyang pagkabuhay. Malaking bilang ng mga tao na nagtungo sa Jerusalem upang ipangilin ang Araw ng Pentecost ay nasugatan ang kanilang mga puso nang marinig ang pangangaral ng mga alagad. Itinanong nila kung ano ang dapat nilang gawin para maligtas.

Mga Gawa 2:38-39 *At sinabi sa kanila ni Pedro, Magsisi kayo, at magpabautismo ang bawa't isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagka't sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Dios sa kaniya.*

Ipinangako ng Dios na ipagkakaloob Niya ang Banal na Espiritu sa sinumang manampalataya at tanggapin sa handog na kaligtasan ni Cristo. Ang mga tapat na lingkod na ito ay naging banal sa pananahan ng Banal na Espiritu sa kanila. Ang Banal na Espiritu ay maninirahan sa loob ng isang tao. Ayon na rin kay Apostol Pablo:

1 Corinto 6:19, *O hindi ba ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi ninyo ito sarili. Tunay sa sinabi ni Cristo, tayo ay lalapit at susunod sa Kanya—bilang mga matatapat na alagad ni Cristo!*

Espiritu ng Pagkupkop

Bakit kailangan natin ng Banal na Espiritu? Hayaan ninyong ibahagi ko sa inyo ang kakaibang ginagampanan ng Espiritu Santo sa Kabuuang plano ng Dios sa sangkatauhan at ito ay matutunghayan sa liham ni Apostol Pablo sa mga taga Efeso. Inilarawan niya ang Banal na Espiritu bilang *'espiritu ng Pagkupkop patungo sa pagiging anak.'*

Efeso 1:1-14, *Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus: Sumainyo nawa ang biyaya at kapayapaang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesucristo. Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo: Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig: Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban, Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal: Na sa kaniya'y mayroon tayo ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang biyaya, Na pinasagana niya sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan, Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang minagaling na ipinasiya niya sa kaniya rin. Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya, sinasabi ko, Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban; Upang tayo'y maging kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian, tayong nagsiasa nang una kay Cristo: Na sa kaniya'y kayo rin naman, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng ebangelio ng inyong kaligtasan, na sa kaniya rin naman, mula nang kayo'y magsisampalataya, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo, na ipinangako, Na siyang patotoo sa ating mana, hanggang sa ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian. (Samakatwid, ang Banal na Espiritu ay ang tatak at selyo ng pagiging pag-aari ng Dios).*

Sinasabi ni Pablo sa nabanggit na talata na ang Banal na Espiritu ay tatak ng pagmamay-ari ng Dios, at ito rin ang gagarantiya ng ating mamanahin hanggang sa oras ng pagtutubos.

Tatak ng Pagmamay-ari

Ano ang pag-aari? Ang pag-aari ay pagkakamit, pagkakaroon o pagtataglay ng anomang bagay, tao o lugar. May ilang nagmamay-ari ng bakahan, at natural na nagmamay-ari rin ng malaking lupain para alpasan ang mga alaga nito. Kung may isang ektarya sa bawat baka na kanyang pag-aari, mahirap liripin sa ating isipan ang lawak ng kanyang bukid na paalpasan ng baka lalo't kung ang mga ito ay di kayang bilangin sa isang sipat lamang.

Sa mga karatig na bukid ay mayroon ding ilang nagmamay-ari ng bakahan. Minsan, ang kani-kanilang hayop ang nagkakahalo-halo at ang tanging paraan para makilala nila ang kanilang mga baka ay sa paglalagay ng marka sa mismong balat ng mga ito. Ang markang ito ay tanda ng pag-aari o pagkakakilanlan kung sino ay nagmamay-ari sa mga ito.

Ang Dios ay naglagay ng marka o tanda sa kanyang nasasakupan o pag-aari. Ito ay ang Banal na Espiritu bilang tatak ng kanyang tagasunod o pagmamay-ari.

2 Corinto 1:22, *Na siyang nagtatak naman sa atin, at nagbigay ng patotoo ng Espiritu sa ating mga puso.*

Ito ay pagpapatunay na tayo ay nauukol sa Kanya o sa kanya sa simpleng salita—na tayo ay Kanyang mga anak tulad ng nabanggit sa Efeso 1:3-6.

Efeso 1:3-6, *Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo: Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig: Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesucristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban, Sa ikapupuri ng kaluwalhatian ng kaniyang biyaya, na sa atin ay ipinagkaloob na masagana sa Minamahal:*

Sa **Roma 8:14** ay sinabi na *'ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios.'*

Sinabi Niya na kilala ang ganang Kaniya *sa* **1 Corinto 6:19,** *"O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili.*

Kapag ang Dios ay dumurungaw mula sa langit, nakikilala Niya ang Kanyang mga anak maging ang hindi. Ang kanyang mga anak ay nagtataglay ng tanda—ang Banal na Espiritu—ang tanda ng pagiging anak.

Ang Lagak o Deposito

Ang Banal na Espiritu ay lagak bilang katibayan ng ating mamanahin. Ano ba ang deposito o lagak? Ito ay paunang bayad, isang maliit na halaga ng mamanahin ng buo sa hinaharap. Ito ay bilang katibayan na matatanggap natin ang kabuoang gantimpala sa tamang panahon kung matutupad natin ang mga kundisyon at kasunduan. Kung ang isa ay bumali sa kasunduan, ang lagak o paunang bayad ay maaaring bawiin o mabalewala.

Nasubukan niyo na bang bumili ng anomang bagay na hulugan tulad ng kotse, kasangkapan o maging bahay man? O, ang pumatol sa walang interes na babayaran sa loob ng anim na buwan at anomang tulad nito? Kinakailangan mong maglagak ng paunang bayad o deposito. Kapag nagawa mo ito, ang nasabing bagay ay masasabing sa iyo na—pag-aari mo na. Magagamit mo na ito at may tuwirang karapatang ka na dito. Gayunpaman, ang deposito na inilagak ay maaaring mawalang halaga sa sandaling balewalain ang mga kundisyong kaakibat ng kasunduang ito sa pamamagitan ng nasabing bagay.

Ang Banal na Espiritu ay ipinagkakaloob lamang sa taong buong pusong nagsisisi at tumatanggap kay Jesus bilang Tagapagligtas. Ang pagsisisi ay di isang pagkabalisa lamang, o simpleng paghingi ng paumanhin: ito ay may mas malalim na kahulugan. Ang pagsisisi ay ang pagtalikod sa lahat ng uri ng kasalanan at pagtahak sa panibagong buhay—pagkamuhi sa kasamaan at paggawa ng mabuti at matuwid sa mata ng Dios.

Ang sinumang pinagkalooban ng Banal na Espiritu ay nararapat na pagsumikapang umiwas sa lahat ng uri ng kasalanan. Hindi tayo maaaring magpatuloy sa pagkakasala sapagka't naitanim na sa atin ang binhing mula sa Dios, ang Banal na Espiritu.

1 Juan 3:9, *Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios.*

Dapat na pagsumikapang natin ang pagpapakabanal at manatiling banal.

1 Pedro 1:13-15, Kaya't inyong bigkisan ang mga baywang ng inyong pagiisip, na maging mapagpigil kayo at inyong ilagak na lubos ang inyong pag-asa sa biyayang dadalhin sa inyo sa pagkahayag ni Jesucristo; Na gaya ng mga anak na matalimahin, na huwag kayong magsi-asal na ayon sa inyong dating mga masasamang pita nang kayo'y na sa kawalang kaalaman: Nguni't yamang banal ang sa inyo'y tumawag, ay magpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay.

Matapos mabautismuhan, tayo ay magiging templo ng Banal na Espiritu at nararapat na panatilihin ang ating kabanalan sa pagsunod sa kautusan ng Dios. Hindi dapat patangisin ang Banal na Espiritu o ito ay aalisin sa atin.

1 Tesalonica 5:19-22, *Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu; Huwag ninyong hamakin ang mga panghuhula; Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti; Layuan ninyo ang bawa't anyo ng masama.*

Nang si David ay magkasala sa Dios ng pagpatay at pakikiapid, siya'y nanalangin sa Dios na huwag alisin sa kanya ang Banal na Espiritu.

Awit 51:1-2, *Maawa ka sa akin, Oh Dios, ayon sa iyong kagandahang-loob: ayon sa kapuspusan ng iyong awa ay pinawi mo ang aking mga kasalanan. Hugasan mo akong lubos sa aking kasamaan, at linisin mo ako sa aking kasalanan…*

Awit 51:9-12, *Ikubli mo ang iyong mukha sa aking mga kasalanan, at pawiin mo ang lahat ng aking mga kasamaan. Likhaan mo sa akin ang isang malinis na puso, Oh Dios; at baguhin ng isang matuwid na espiritu sa kalooban ko. Huwag mo akong paalisin sa iyong harapan; at huwag mong bawiin ang iyong Santong Espiritu sa akin. Ibalik mo sa akin ang kagalakan ng iyong pagliligtas: at alalayan ako ng iyong Espiritu.*

Alam ni David ang maaaring ibunga ng kanyang ginawa, ang pag-aalis ng Banal na Espiritu na nangangahulugan ng pagkawala ng kaligtasan.

Kaya't di dapat patangisin ang Banal na Espiritu na siyang nagtatak para sa ating pagkakatubos. Huwag natin itong balawalain o iwawaglit! Ito ang ating patunay ng walang hanggan buhay na mamanahin natin mula sa Dios!

Garantiya o Patunay

Ano ang garantiya? Ang garantiya ay ang kasiguraduhan, patunay, lagak at pananagutan. Ang garantiya ay katuparan ng isang pangako. Bakit ang Banal na Espiritu ay isang garantiya ng ating mana? Sapagkat ito ang magiging dahilan ng ating pagkabuhay muli. Ito ang pinakahuling papel ng Banal na Espiritu, ang garantiya na tayo ay muling mabubuhay sa mga patay.

Sa **Roma 8:9-11** ganito ang sinasabi:

- Ang Espiritu ng Dios ay mananahan sa atin
- Ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu na kay Cristo Jesus
- Si Cristo ay nasa atin sa pamamagitan ng pananahan ng Banal na Espiritu sa atin.
- Kung si Cristo ay na sa atin, kahit ang ating katawan ay patay mabubuhay tayo sa Espiritu—patungkol sa pag-asa ng pagkabuhay na mag-uli.
- Ang muling pagkabuhay ay sa pamamagitan at mula sa Banal na Espiritung nasa sa atin!

Samakatwid, Kung ang Espiritu Santo'y nananahan sa atin hanggang sa tayo ay mamatay, tayo ay mabubuhay na maguli sa mga huling araw— hanggang sa muling pagbabalik ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo. Kailangan natin ito upang magkamit ng buhay na walang hanggan!

Pamana

Ang Banal na Espiritu ay pagpapatunay ng ating mamanahin. Ano ba ang mana at ano itong mamanahin natin? Ang mana ay isang bagay na ipinapasa sa ng mga magulang sa kanilang anak tulad ng bahay, lupa, o anomang gamit na naipundar ng mga magulang maging pati ang kanilang negosyo o pangalan ay matatawag ding pamana. Ito ay karapatan ng isang anak pagsilang pa lamang! Karapatang ng anak na lalaki o maging ng babae man. Tulad nito, tayo rin ay may mamanahin sa Dios dahil tayo ay kanyang mga anak. Ang Banal na Espiritu ay ang deposito o lagak na magpapatunay ng ating karapatan bilang anak ng Dios.

Ang karapatang ito ay maging bahagi o makabilang sa Banal na Pamilya bilang anak ng Dios.

2 Pedro 1:3-4, *Yamang ipinagkaloob sa atin ng kaniyang banal na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa kaniya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng kaniyang sariling kaluwalhatian at kagalingan; Na dahil dito ay ipinagkaloob niya sa atin ang kaniyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Dios, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanglibutan dahil sa masamang pita.*

Sa Roma 8:14–16 ay naipaliwanag ito ng higit na tayo ay tagapagmana ng Dios at kasamang tagapamagmana ni Cristo!

Roma 8:14-16, *Sapagka't ang lahat ng mga pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, ay sila ang mga anak ng Dios. Hindi ninyo muling tinanggap ang espiritu ng pagkaalipin sa ikatatakot; datapuwa't tinanggap ninyo ang espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y sumisigaw tayo, Abba, Ama. Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo'y mga anak ng Dios:*

Ang Banal na Espiritu ay ang tatak ng pagmamay-ari at ito ay nananahan sa bawat mananampalataya na tayo ay nauukol sa Dios.

Galacia 4:6, *At sapagka't kayo'y mga anak, ay sinugo ng Dios ang Espiritu ng kaniyang Anak sa ating mga puso, na sumisigaw, Abba, Ama.*

Nakikilala ng Dios ang ganang kanyang mga anak dahil sa tatak na pinagkaloob Niya sa mga ito. Dumurungaw Siya mula sa kalangitan at nalalaman Niya sa bilyong-bilyong tao kung sino ang nagtataglay ng Kanyang tatak—ang Espiritung Banal. Sila ang mga tagapagmana at kasamang tagapagmana ni Jesus. Nagtataglay ka ba ng tatak bilang tagapagmana ng Dios?

Mayroon Ka bang Banal na Espiritu?

Gusto mo bang malaman kung may tumatahang Banal na Espiritu ng Dios sa iyo? Sa panahon ni apostol Pablo, napakadaling itong malaman. Ang mga alagad ay binigyang kapangyarihang magsalita ng iba't ibang lenguahe, magturo o magpahayag ng mga propesiya at makaalam ng mga malalalim na bagay na patungkol sa Dios. Subalit, binigyan diin ni Jesus ang pinakahayag at mahalaga sa lahat ng kaloob, ang kapangyarihan makauunawa sa katotohanan.

Juan 16:13-14, *Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. Luluwalhatiin niya ako: sapagka't kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.*

Pansinin ang tinuran sa **Juan 14:15-24**

"Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos. At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo. Hindi ko kayo iiwang mag-isa: ako'y paririto sa inyo. Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; nguni't inyong makikita ako: sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo. Sa araw na yao'y makikilala ninyong ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo. Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya. Si Judas (hindi ang Iscariote) ay nagsabi sa kaniya, Panginoon, ano't mangyayari na sa amin ka magpapakahayag, at hindi sa sanglibutan? Sumagot si Jesus at sinabi sa kaniya, Kung ang sinoman ay umiibig sa akin, ay kaniyang tutuparin ang aking salita: at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa kaniya, at siya'y gagawin naming aming tahanan. Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad ng aking mga salita: at ang salitang inyong narinig ay hindi akin, kundi sa Amang nagsugo sa akin." Dito ay malinaw na binabanggit ni Jesus ang pananahan ng Banal na Espiritu.

Juan 14:25-26, *Ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, samantalang ako'y tumatahang kasama pa ninyo. Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi.*

Juan 15:26-27, *Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa akin: At kayo naman ay magpapatotoo, sapagka't kayo'y nakasama ko buhat pa nang una.*

Juan 16:7-11, *Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y lumisan; sapagka't kung hindi ako lilisan, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo. At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol: Tungkol sa kasalanan, sapagka't hindi sila nagsisampalataya sa akin; Tungkol sa katuwiran, sapagka't ako'y paroroon sa Ama, at hindi na ninyo ako makikita; Tungkol sa paghatol, sapagka't ang prinsipe ng sanglibutang ito ay hinatulan na.*

Juan 16:12-15, *Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo matitiis. Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. Luluwalhatiin niya ako: sapagka't kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag. Ang lahat ng mga bagay na nasa Ama ay akin: kaya sinabi ko, na siya'y kukuha sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag.*

Handog o Kaloob

Maraming tao ang naghahangad ng kaloob o handog bilang mga tanda ng pag-iral ng Banal na Espiritu sa kanilang buhay tulad ng kakayanang mangaral, magturo, magpagaling, pagsasalita ng ibang wika, propesiya at iba pa. Totoo na ang lahat ng ito ay nakasaad sa 1 Corinto 12.

1 Corinto 12:7-10, *Datapuwa't sa bawa't isa ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu, upang pakinabangan naman. Sapagka't sa isa, sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu: Sa iba'y ang pananampalataya, sa gayon ding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling, sa iisang Espiritu. At sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y hula; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika.*

Paano kung ang anuman sa mga nabanggit na kaloob ng Espiritu Santo ay di makita o mahayag sa isang kristiyano, nangangahulugan ba nito na wala siyang Banal na Espiritu? HINDI!

Ang 1 Corinto 12 ay liham na isinulat para pangaralan at pagsabihan ang mga tao sa nagtatanyag at maging sa naghahanap ng mga kaloob ng Banal na Espiritu. Sinasabi ni Pablo na may ibat ibang uri ng kaloob, di kailangan magyabang, magkumparahan, mainggit o magnasa ng kakaibang kaloob mula sa Dios. Bawat isa ay may kani-kaniyang kakaibang kaloob, hindi dapat magkumparahan dahil lahat ay mayroon iisang Espiritu na bumubuo ng katawan—ng Iglesia ng Dios. At kung mayroon mang higit na mahalaga ay walang iba kundi ang pananampalataya, pag-asa at pag-ibig. At, pag-ibig ang higit na dakila sa mga ito!

Ang iba ay naghahanap ng bunga ng Banal na Espiritu. Hindi ito kaloob, ito ay bunga ng Espiritu Santo, na lumago sa pakikipagtulungan ng Banal ng Espiritu sa atin. Sa madaling salita, ito ang kabanalan at matuwid na pag-uugali ng Dios na dapat mabuhay at malikha sa atin sa tulong ng Espiritu ng Dios na nasa sa atin. Ito ang paraan kung Papaano tayo lumalago sa grasya at karunungan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesukristo upang tayo'y maging ganap na tulad Niya.

Ang Kabuoan

Sa lahat ng nabanggit, malinaw na ang Banal na Espiritu ay isang pangako at isang kaloob. Ito ay ipinangako sa lahat ng mananampalataya na sumusunod sa buong kautusan ng Dios. Ito ay pinagkaloob sa sinumang nagsisi at nabautismuhan.

Kapag ang dalawang kundisyong ito ay natupad, ipinadala ng Dios ang Banal na Espiritu upang manahan sa kanila. Di na dapat pang tanungin kung mayroon ka nito o wala, siguradong matatanggap mo ito sa oras na natupad ang nabanggit. Kung gayo'y sa sinumang nabautismuhan, napatungan ng kamay, at patuloy sa pagsunod sa kautusan ng Dios ay makasisiguro na ang Banal na Espiritu ay nasa kanila.

Ang Espiritu Santo ay ang tatak ng pagmamay-ari. Tinatakan tayo ng Espiritu Santo bilang mga anak ng Dios. Pinapagiging banal nito ang sinumang tinanggap bilang mga Anak ng Dios, ang Kanyang pinakaiingatang yaman. Ito ang paunang bayad o lagak—na katibayan ng ating makakamtan bilang tagapagmana ng Dios Ama at kasamang tagapagmana rin ni Hesukristo. Ito rin ang garantiya—ang kasiguraduhan ng muling pagkabuhay sa walang hanggan kaluwalhatian kay Cristo. Ang Espiritung ito ay ang Banal na Espiritu na sumasaiyo, na siya ring na kay Cristo Jesus. Ito ay ang espiritu ng pag-aaring ganap na anak ng Dios.

Sinabi ni Jesus na ang sagisag ng Banal na Espiritu ay ang espiritu ng katotohanan at karunungan. Sa Isaias 11:2 ganito ang sinasabi " *At ang Espiritu ng Panginoon ay sasa kaniya, ang diwa ng karunungan at ng kaunawaan, ang diwa ng payo at ng katibayan, ang diwa ng kaalaman at ng takot sa Panginoon."*

Ang Banal na Espiritu ay ang ating taga-aliw at Tagapayo upang maalaman natin ang katotohan, at maunawaan ang malalalim na mga bagay hinggil sa Dios upang tayo ay lumago sa pananampalataya, maging tulad ni Cristo at maging karapatdapat na magmana ng kaharian ng Dios.